Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

OFFICE OF THE SECRETARY TO THE SANGGUNIANG BAYAN

RESOLUTION NO. 2025-181

Date of Session : Aug. 18, 2025

KAPASIYAHAN NA TAOS PUSONG HUMIHILING SA PUNONG BAYAN, KGG. ATTY. JEMINA M. SY NA MAGLAAN NG PONDO PARA SA PAGLALAGAY NG ELEVATOR SA GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN PARA SA KAGINHAWAHAN AT KALIGTASAN NG MGA SENIOR CITIZEN, PERSON WITH DISABILITIES, AT MGA BUNTIS NA NAGTUTUNGO SA PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO.

	Receiving Office	Received By: (Print Name & Signature)	Date Received
1	Mayor's Office		9/3
2	Municipal Budget	ANGELITO FERNANDO	9/3/25
3			
4			
5			
6			

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Marilao

Tanggapan ng Kalihim ng Sangguniang Bayan

SIPI SA KATITIKAN NG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN, NA IDINAOS SA BULWAGANG PULUNGAN NG BAHAY PAMAHALAAN NOONG AGOSTO 18, 2025

MGA DUMALO:

Kgg. Ariel P. Amador — Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

MGA KASANGGUNI

Kgg. Maria Luisa I. Silvestre
Kgg. Juanito H. Santiago
Kgg. Wilfredo D. Diaz
Kgg. Harvey C. Mediante
Kgg. Mary Del Jasa-Aquino
Kgg. Vanessa Valdez-Seminiano
Kgg. Divina E. Reyes
Kgg. Jessalyn Mahilac-Dela Cruz

MGA EX-OFFICIO

Kgg. Guillermo T. Paraoan Jr. (ABC President)
Kgg. Carlo Gabriel G. Solis (SK Presdient)

KAPASIYAHAN BLG. 2025 – 181

Ipinanukula ni: Konsehal Divina E. Reyes
Itinaguyod ni: Konsehal Vanessa Valdez-Seminiano
Pangalawang Punong Bayan Ariel P. Amador

KAPASIYAHAN NA TAOS PUSONG HUMIHILING SA PUNONG BAYAN, KGG. ATTY. JEMINA M. SY NA MAGLAAN NG PONDO PARA SA PAGLALAGAY NG ELEVATOR SA GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN PARA SA KAGINHAWAHAN AT KALIGTASAN NG MGA SENIOR CITIZEN, PERSON WITH DISABILITIES, AT MGA BUNTIS NA NAGTUTUNGO SA PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO.

SAPAGKAT, tungkulin ng local na pamahalaan na tiyakin ang kapakanan, kaligtasan at kaginhawahan ng mga kawani at mga mamamayan na mayroong transaksiyon sa pamahalaang Bayan ng Marilao;

SAPAGKAT, kasalukuyang walang *elevator* ang gusali ng pamahalaan na nagdudulot ng kahirapan lalo na sa mga *Senior Citizen*, mga may kapansanan (PWD), mga buntis at iba pa na umaakyat sa ikalawang palapag:

SAPAGKAT, ang paglalagay ng *elevator* ay makakatulong upang maging alinsunod ang gusali ng pamahalaan sa *Republic Act No. 7277* o *Magna Carta to Disabled Persons* at iba pang batas at alintuntunin ukol dito;

SAPAGKAT, kinikilala ng Sangguniang Bayan ang pangangailangan na maging *modernize, accessible* at komportable ang mga pasilidad ng pamahalaan upang makapagbigay ng mahusay at maayos na serbisyo sa publiko;

KUNG KAYA'T, sa mungkahi ni Kgg. Divina E. Reyes at pinangalawahan ni Kgg. Jessalyn Mahilac-Dela Cruz at Kgg. Carlo Gabriel G. Solis na sinang-ayunan ng lahat ng Kasangguning dumalo;

PANGKARANIWANG PULONG
KAPASIYAHAN BLG. 2025 – 181

IPINASIYA gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na pagtibayan ang KAPASIYAHAN NA TAOS PUSONG HUMIHILING SA PUNONG BAYAN, KGG. ATTY. JEMINA M. SY NA MAGLAAN NG PONDO PARA SA PAGLALAGAY NG ELEVATOR SA GUSALI NG PAMAHALAANG BAYAN PARA SA KAGINHAWAHAN AT KALIGTASAN NG MGA SENIOR CITIZEN, PERSON WITH DISABILITIES, AT MGA BUNTIS NA NAGTUTUNGO SA PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO.

IPINASIYA pa rin na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang lahat ng Pinuno o Tanggapan na may kinalaman dito.

PINAGTIBAY NANG BUONG PAGKAKAISA, ngayong ika-18 ng Agosto, taong 2025.

Pinatutunayan ko na ang kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan.

EDGAR P. RAMIREZ
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:

ARIEL P. AMADOR
Pangalawang Punong Bayan
Pinunong Tagapangulo

8/29/25